



# Bulletin

**Sa isyung ito:** • Mga patakaran sa pagmo-monitor sa mga tawag • Protektahan ang privacy sa mga numerong 800, 888, at 900 • Mga libreng tawag sa Directory Assistance, kung kuwalipikado ka • Programa ng Telekomunikasyon para sa Hindi Nakakarinig at May Kapansanan • Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa accessible na equipment • Tulong na May Kaugnayan sa Sakuna ng AT&T



## Mga ipinag-uutos na mensahe mula sa California Public Utilities Commission (CPUC, Komisyon ng mga Pampublikong Utilidad ng California)

### Mga patakaran sa pagmo-monitor sa mga tawag

Mahigpit na pinoprotektahan sa ilalim ng mga batas ng California ang iyong karapatan sa privacy. Hindi maaaring sabatin, i-monitor, o ma-rekord hangga't sumasang-ayon kayo. Mamo-monitor at/o marerekord lamang ang iyong tawag kung:

- Lahat ng kabahagi sa tawag ay sumasang-ayon; o
- Nakakarinig ka ng beep o warning tone kada 15 segundo; o
- Ang alagad ng batas o mga national defense agency ay nakakuha ng espesyal na pahintulot.

Ipe-play ng AT&T ang nakarekord na anunsyong nagsasabing, "Upang masiguro ang may kalidad na serbisyo, maaaring i-monitor o i-rekord ang iyong tawag. Kung hindi mo ninanais na ma-monitor o ma-rekord, mangyaring ipaalam sa iyong kinatawan ng AT&T." Ang pagpapatuloy sa inyong tawag ay nangangahulugang ibinibigay mo ang iyong pahintulot.

Ang sinumang customer sa California na nagbibigay ng sarili nilang terminal na equipment, at sinusubaybayan o nirerekord ang mga pag-uusap sa pampublikong network ng telepono, ay dapat magbigay ng abiso ng pagsubaybay o pagrekord sa pamamagitan ng paggamit sa isa sa mga pamamaraang nakalista sa itaas. Puputulin ng AT&T ang serbisyo sa customer para sa hindi pagsunod sa patakaran ito kung, pagkatapos ng limang araw ng nakasulat na abiso ay nananatiling hindi sumusunod ang customer. Ibabalik ang serbisyo pagkatapos sumunod ng customer at mabayaran ang singil sa muling pagpapakonekta.

### Mga espesyal na patakaran para sa mga kumpanya ng telepono

Bagaman iba ang mga patakaran ng pagmo-monitor para sa mga kumpanya ng telepono, lubos na siniseryoso ng AT&T ang iyong karapatan sa privacy. Ayon sa batas, maaaring i-monitor ng mga kumpanya ng telepono ang mga komunikasyon ng customer nang walang abiso basta't ang nilalaman ng tawag ay hindi inirerekord o isinusulat. Ang pagmo-monitor na ito ay nagpapahintulot sa aming sanayin ang mga kinatawan para sa customer, technician sa

pagkukumpuni, at staff sa negosyo upang mabigyan ka ng pinakamahusay na posibleng serbisyo.

Isang kopya ng General Order 107-B (Pangkalahatang Utos 107-B) na naglalaman ng kumpletong teksto ng mga patakaran ng CPUC na namamahala sa pagmo-monitor sa telepono ay maaaring makuha mula sa website ng CPUC sa: [www.cpuc.ca.gov](http://www.cpuc.ca.gov) sa ilalim ng mga General Order. Maaari ka ring humiling ng kopya nito sa pamamagitan ng pagsulat sa: CPUC Documents Office, 505 Van Ness Avenue, San Francisco, CA 94102.

### Protektahan ang pagkabit sa pamamagitan ng pagtawag sa libre at mga numerong 900

Kapag tinatawagan mo ang mga numerong 900 o mga libreng numero gaya ng 800, 888, 877, 866, 855, at 844, ang kumpanyang tinatawagan mo ay maaaring makatanggap o ipakita ang numero ng iyong telepono sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiyang pinangangasiwaan ng FCC na tinatawag na Automatic Number Identification (ANI, Awtomatikong Pagkilala ng Numero). Sa ANI, hindi mo maiiwasang hindi makilala ang iyong numero sa mga pagtawag na ito. Hindi mo rin maaaring i-block ang numero mo para di maipakita tulad nang nagagawa mo kapag tumawag ka sa ibang mga numero ng telepono.

Kung nais mong mapanatiling pribado ang numero ng iyong telepono, gamitin ang regular na may bayad na numero ng kumpanya sa halip na ang toll-free na numero. Kung gamitin mo ang toll-free na numero o isang 900 na numero, maaari mong hilingin na hindi ibigay ang iyong numero sa ibang ikatlong panig o mga solicitor na humiling nito.

Dapat kang mag-ingat sa pagtatawag pabalik sa toll free o mga 900 na numero na hindi mo kilala. Kahit na kung natanggap mo ang mensahe mula sa isang kumpanya o organisasyong pamilyar ka, dapat mong hanapin ang numero o gamitin ang numero na karaniwan mong ginagamit para maka-ugnayan ang negosyo o organisasyon na iyon.

## Mga libreng tawag sa Lokal na Directory Assistance, kung kuwalipikado ka

Maaaring hindi ka kasama sa Lokal na Directory Assistance na mga kaukulang singilin kung ang mga tawag na ito ay ginawa ng isang indibiduwal na hindi kayang gumamit ng direktoryo ng telepono, kung kailan available, dahil sa kahinaan ng paningin o iba pang kahinaan ng katawan. Kami ay nagbibigay ng exemption sa sandaling matanggap ang nakumpletong exemption form na nagpapatunay sa kahinaan o impairment ng aplikante.

Maaaring hindi ka kasama mula sa Lokal na Directory Assistance na mga kaukulang singilin kung mayroon kang:

- Residensyal na serbisyo at ang miyembro ng sambayanan ay hindi makagamit ng direktoryo ng telepono, kung kailan available, sanhi ng kahinaan sa paningin o iba pang pisikal na kahinaan.
- Ang linya na pang-negosyo na ibinibigay sa maliliit na negosyo kung saan ang lahat ng mga may-ari at empleyado ng negosyo,

sa kondisyon na, may sertipikasyon na kahinaan sa pagbabasa o sa katawan.

- Ang serbisyo ng negosyo nang naipagkaloob sa isang organisasyon na tiyak na naitatag para sa layunin ng patuloy sa kahinaan sa pagbabasa. Ang nasabing mga organisasyon ay maaaring kumuha ng mga serbisyo ng mga indibiduwal na maayos na nakakakita at iyong may sertipikasyon na may kahinaan sa paningin.

Upang humiling ng form ng iksemsyon para sa mga singil sa Lokal na Directory Assistance, mangyaring tumawag sa 800.772.3140 o mga gumagamit ng TTY 800.651.5111.

Ang mga customer sa residential at negosyo na hindi kuwalipikado para sa Lokal na Directory Assistance na iksemsyon ay sinisingil ng \$2.49 para sa bawat tawag sa Lokal na Directory Assistance. Ang mga presyo ay mapapatupad sa oras na ipinalabas ang bulletin na ito at sasailalim sa pagbabago. Maaaring humiling ang mga customer ng hanggang tatlong paglilista kada tawag.

## Mga mensahe mula sa AT&T

### Deaf and Disabled Telecommunications Program (DDTP, Programa ng Telekomunikasyon para sa Hindi Nakakarinig at May Kapansanan)

Ang Deaf and Disabled Telecommunications Program (DDTP) ay isang programang pinangangasiwaan ng CPUC upang tulungan ang mga consumer na nahihirapan sa paggamit ng telepono na makakuha ng suportang kailangan nila upang ma-access ang pangunahing serbisyo sa telepono. Sa libreng halaga sa mga consumer, ang DDTP ay nagkaloob sa mga taga-California na hindi nakakarinig at may kapansanan ng espesyal na kagamitang telepono at mga serbisyong relay sa pamamagitan ng California Telephone Access Program (CTAP, Programa ng Pag-access sa Telepono ng California) at ng California Relay Service (CRS, Serbisyong Naghahatid ng Mensahe ng California). Para sa dagdag na impormasyon, mangyaring pumunta sa [www.ddtp.org](http://www.ddtp.org) o tumawag sa:

- Ingles: 800.806.1191
- TTY: 800.806.4474
- Espanyol: 800.949.5650

*Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagiging accessible, mangyaring pumunta sa [about.att.com/sites/accessibility](http://about.att.com/sites/accessibility). Maaari kang makakuha ng higit pang impormasyon sa [att.com/cainfo](http://att.com/cainfo).*

Ang mga presyo at pagiging available ay sumasailalim sa pagbabago. Mangyaring tumawag sa 800.288.2020 (residensyal na serbisyo) o 800.750.2355 (serbisyo sa negosyo) para sa kumpleto at kasalukuyang impormasyon sa produkto.

Iyong wika. Inihahatid. At mahigit 160 pa. Tumawag sa 800.203.8600.

### Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa accessible na equipment

Alamin kung paano bumili ng accessible equipment sa [att.com/options](http://att.com/options), o sa pamamagitan ng pagtawag sa 877.902.6350 o 800.651.1111 para sa TTY. Sa address bar ng iyong web browser, i-type o i-copy at i-paste ang [att.com/options](http://att.com/options) at ikaw ay ididirekta sa page na "Support options for customers with disabilities" ("Mga opsyon sa suporta para sa mga customer na may mga kapansanan"). Mag-scroll down sa "Additional Information" ("Karagdagang Impormasyon") at pagkatapos sa ilalim ng "Accessible traditional home phone equipment" ("Maa-access na tradisyonal na kagamitang telepono sa tahanan") piliin ang link na "home phone and accessories" ("telepono sa tirahan at mga aksesorya").

### Tulong na May Kaugnayan sa Sakuna ng AT&T

Sa kaganapan ng isang state of emergency (kalagayang pang-emerhensya) na idineklara ng Gobernador ng California o Pangulo ng Estados Unidos ng America, ang mga residential at small business na customer ng AT&T sa California na may wireline, VoIP, o wireless na serbisyo ay maaaring karapat-dapat para sa tulong sa consumer. Para sa karagdagang impormasyon tungkol dito at iba pang mga hakbang na ginagawa ng AT&T na may kaugnayan sa mga sakuna, mangyaring bumisita sa [att.com/disasterrelief](http://att.com/disasterrelief).

©2020 AT&T Intelektwal na Pag-aari ng AT&T. Naka-reserba ang lahat ng mga karapatan. Ang AT&T at Globe na logo ay mga nakarehistrong trademark ng Intelektwal na Pag-aari ng AT&T.

 Naka-print sa recycled paper. **TA 2020 Fall Bulletin 10/20**